MAIL PERMIT No. 2C-17-05-522/ ENTERED AS 1ST CLASS
ISSN: 2546-0536

# HANEP

**Basahin Mo Ito!**

Taon 7 Blg. 14 | Agosto 8-14, 2022 | P10.00

## SM CITY TRECE MARTIRES UNVEILS NEW DLRO




*Senior AVP for SM Supermalls mall-based service Rachel Queenie Dizon-Rodulfo (leftmost) and Mayor Gemma Lubigan (5th from left) lead the ribbon cutting of the newly opened LTO driver's license renewal center in SM City Trece Martires City on Wednesday, July 27, 2022. Photo by Dennis Abrina*

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite –** The Land Transportation Office (LTO) opens its latest driver's license renewal office in SM City Trece Martires along Governor's Drive, Wednesday, July 27, 2022.

Senior Assistant Vice President for SM Supermalls mall-based service, Rachel Queenie Dizon-Rodulfo and Trece Martires City Mayor Gemma Lubigan led the inauguration and blessing of the new driver's license renewal office (DLRO) in the province for the convenience of residents renewing their driver's license and nearby towns.

Cheryl Prudente-Basa, the proponent of DLRO Trece Martires Cavite, hosted the program that was graced by Ma. Luz C. Generoso, Consultant Government services, SM Supermalls; Atty. April R. Casabuena, Asst. Regional Director LTO Regional Office 4A; Vice Mayor Bobby Montegermoso; Atty. Noreen Bernadette S. San Luis-Lutey, CESO V; and Mark Anthony Halili, proponent of LTO GenTri District Office.

The SM City Trece DLRO, located at the mall basement service lane, is the first of six SM malls in Cavite province.

The new license renewal office can accept applications from nearby Tanza, Indang, Amadeo, Bailen, Alfonso, and Magallanes towns.

***By: Dennis Abrina***






# CAVITE TAKES PART IN THE CELEBRATION OF 44TH NDPR WEEK

p. 2



*(from left to right: CENR Officer Cyril Coliflores, LPDD Chief Engr. Olivia G. Bejo, PENR Officer Ronilo Salac, RED Nilo B. Tamoria, Hon. Mayor Orlan A. Calayag, MPD Officer Norida Villaruel, and Municipal Assessor Guian Carlo Bundalian)---p.10*




*DOH-4A nanawagan sa publiko at mga guro na ipatupad ang "4S strategy"---p.5*




*NEW OFFICIAL. President Ferdinand Marcos Jr. administers the oath of office to Jose "Jerry" Acuzar as the new Secretary of the Department of Human Settlements and Urban Development at Malacañang Palace on Friday (July 29, 2022). Acuzar was accompanied by his wife and two daughters. (Photo courtesy of BBM Facebook)---story p.8*

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL : 0977-7844136/ 0968-7122927

# CAVITE TAKES PART IN THE CELEBRATION OF 44th NDPR WEEK

In empowering the differently-abled, the Provincial Persons with Disability Affairs Office and the Federation of Persons with Disabilities – Cavite Inc. (FPCDI) conducted a two-day celebration of the 44th National Disability Prevention and Rehabilitation week with the theme "Working with the Government in Achieving Equal Access to Education, Employment, and Livelihood towards Empowerment of Persons with Disabilities" on July 26 and 28, 2022 at the Provincial Gymnasium, Trece Martires City.

The celebration intends to raise awareness on persons with disabilities' rights, protection, and issues. Also, the differently-abled had the opportunity to showcase their talents in the singing and dance competition.

A motorcade joined by the officers and members of Federations of Persons with Disabilities in Cavite signaled the start of the celebration on July 26.

Atty. Danilo Emelo, FPDCI President, delivered a welcome remark followed by Ms. Sonia Mendoza, who shared a message on behalf of Vice Governor Athena Bryana Mendoza, assuring that the Office of the Vice Governor is always open to help those in need including PWDs. Then, Mr. Alvin Mojica, Provincial Administrator for Community Affairs, imparted that the provincial government institutionalized the PDAO – office, staff, and funds – to focus on the PWDs.

Former Local PWD Presidents were subsequently awarded certificates of appreciation for their exceptional work and accomplishments during their term.

On the last day of the celebration, resource speakers were invited to share information and knowledge to the attendees.

Ms. Marie Shiela Anternor Haloc, Disability Affairs Officer IV of PDAO, gave an overview of the NDPR Celebration. This was followed by a talk on the importance of equal rights and accessibility in education, livelihood and employment by Architect Don G. De Vera, a disability-rights advocate.

Ms. Marinelle Juangco, ADA IV who discussed the DILG Memorandum Circular No. 2021-041 entitled "Strengthening the Functionality of Persons with Disability Affairs Office and Persons with Disabilities Focal Person" that emphasizes the importance of establishing and appointing PDAOs and focal person in the country for addressing the concerns and catering to the needs of PWDs.

Moreover, Ms. Rey Ann Avilla, LGOO II, discussed the SGLG Functionality focusing on the Assessment and Criteria under Social Protection and Sensitivity.

In relation to the F.Y. 2021 Functionality Assessment, the Local Government Units were awarded with a certificate of Appreciation by Provincial Government of Cavite and the Department of the Interior and Local Government alongside LGU representatives. Then, the Top 3 FPDCI Leaders were given recognition with audio-visual presentation.

Highlights of the NDPR Week Celebration were the singing contest won by Mr. Percival Navarro from Trece Martires City and the "Pag Nagkakaisa" advocacy dance competition won by Indangeños Movers from the Municipality of Indang.

# Cavite celebrates Child Development Worker's Week

**TRECE MARTIRES CITY, Cavite (PIA)** - The Cavite Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO) and Association of Child Development Workers celebrated the Provincial Child Development Worker's Week themed "Child Development Worker Ako, Katuwang ng mga Kabataang Pag-asa ng Bayan, May Pandemya Man o Wala" acknowledging child development workers of the province

National Federation President of Child Development Workers Ms. Perla P. Reyes, opened the program held at the provincial gymnasium with the acknowledgment of participants followed by the opening message of PSWD Officer Felipa G. Servañez expressing gratitude for the CDW's dedication and commitment to providing early childhood education to young Caviteños.

Board Member Romel Enriquez, Chair-Committee on Social Services, Family, Women, Children, and Elderly congratulated all CDWs during the event.

He extended his gratitude for their sacrifices and significant contribution to the physical, social, and intellectual development of the preschool children as well as in the service they extend to the community amidst the pandemic and expressed his desire to provide additional benefits/ allowance for the daycare teachers.

Ms. Theresa Llorente, Executive Assistant to the Vice Governor gave her message of support and salute the CDWs' effort in molding the young minds of Caviteños despite the minimal wage they are receiving.

DSWD Region IV-A Assistant Regional Director Ricky Bunao lauded the significant contribution of daycare workers in the community as partners of parents in molding the character of their children at an early age. In his speech, he stressed the importance of institutionalizing the Magna Carta of Child Development Workers.

Also, the awarding of certificates and plaques of recognition for the CDWs who have rendered 10 to 40 years in service to 168 daycare workers and 23 retirees is a tribute to their incomparable effort and compassionate service. ***(RBF/PIA-Cavite with reports from PICAD)***

# Calabarzon logs highest enrollment turnout: DepEd

MANILA – The Department of Education (DepEd) has so far logged the highest number of enrolled learners in Calabarzon (Region 4-A).

According to DepEd's latest data, 2,116,809 learners were registered in the region's provinces of Cavite, Laguna, Batangas, Rizal, and Quezon for the upcoming school year 2022-2023.

This accounted for over 10 percent of the national figure for enrollment hitting 14,284,778.

The National Capital Region (NCR) recorded the second highest count with more than 1.7 million enrollees, followed by Central Luzon with over 1.4 million.

Learners at the elementary level recorded the highest turnout with over 6.6 million, followed by enrollees from Junior High School with more than 4.6 million, then over 2.1 million learners in Senior High School, and 946,611 learners in Kindergarten.

Earlier, Education spokesperson Michael Poa noted that this year's enrollment turnout was significantly higher than the previous school year, considering their approach to a gradual transitioning to in-person classes.

The DepEd assured the public that the majority of schools last year have shown preparedness for the face-to-face learning setup.

In a Viber message, the DepEd said 34,769 schools are participating in face-to-face classes.

"Out of this number, 33,691 of which are public schools or 74.67 percent of the total number of public schools, and 1,078 of which are private schools or 8.73 percent of the total number of private schools," the DepEd said. ***(PNA)***

# Nutrition Forum culminates the 48th Nutrition Month celebration in Cavite

Nutrition stakeholders from the local government units in Cavite gathered in a Nutrition Forum to culminate the 48th Nutrition Month celebration with the theme, "New Normal sa nutrisyon, sama-samang gawan ng solusyon!" on July 27, 2022 at the Cavite Collaboration Center for Public Health in Trece Martires City.

The forum with the tagline, Strengthened Action on Nutrition: A Collaborative Action of the BNC called on LGU nutrition forerunners composed of Liga ng mga Barangay Presidents from the cities and municipalities of Cavite, City/Municipal Nutrition Action Officers (C/MNAOs), Provincial Nutrition Committee members and other partner agencies to intensify and invest in nutrition programs in their respective communities in the midst of the pandemic.

Dr. Nonie John Dalisay, OIC-Provincial Health Office welcomed all the participants to the event which aims to raise awareness on the importance of investing in nutrition.

Ms. Lourdes Orongan delivered the nutrition month message on behalf of Regional Nutrition Program Coordinator Carina Santiago, which highlighted the correlation between nutrition and resilience and called for solidarity to be part of the solution to end malnutrition.

This was further stressed in the inspirational message from Vice Governor Athena Bryana Tolentino delivered by Ms. Theresa Llorente to strengthen nutrition interventions and shift from pandemic to endemic paradigm through evidenced-based and innovative solutions.

During the program, retiring members of the Provincial Nutrition Committee-Technical Working Group as well as retiring C/ MNAOs were recognized and awarded Certificates of Appreciation from the Provincial Nutrition Council. Awardees from the PNC-TWG include Ms. Rebecca Patricio from PICAD and Ms. Teodora Salgado from PPDO. C/MNAO awardees were composed of Ms. Elizabeth M. Hernandez – CNAO of Dasmarinas City, Ms. Eriberta Ayos – MNAO of Gen. Emilio Aguinaldo, Ms. Basilisa Feraer – MNAO of Indang, and Ms. Lydia Villanueva – MNAO of Tanza.

The plenary started with a talk on Why Invest in Nutrition delivered by Ms. Lourdes Orongan from the National Nutrition Council-CALABARZON where she shared the eight compelling reasons in putting premium and investing in nutrition ranging from its implications on health, economy and in the overall development of the country.

Ms. Marinelle Juangco from the Department of the Interior and the Local Government-Cavite talked about Unifying the Direction in Nutrition and the different legal bases that mandate local government units specifically at the barangay level to pursue and implement nutrition programs.

City Councilor Jojit Desingano shared the best practices of Barangay San Jose, Tagaytay City during his term as Barangay Chairman. The innovations and firm resolve to implement nutrition programs targeting not only the health aspect but other concerns including the environment have won them various recognition from the city, the province and the region. Their barangay has also been chosen in many benchmarking activities of different LGUs and organizations.

Participants signed a commitment of support to nutrition programs and the advoccay to invest more for successful nutrition interventions.

In closing, Dr. Maria Victoria Salvatus-Torres enjoined all the nutrition stakeholders to promote nutrition not only during nutrition month celebration but all year round as an integral part of public health. ***PICAD***

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**FOURTH JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**Branch 90**
**DASMARIÑAS CITY, CAVITE**

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

-versus-

**File No. FC-DC-0387-22**
EXTRA JUDICIAL FORECLOSURE OF REAL ESTATE MORTGAGE UNDER ACT 3135, AS AMENDED BY ACT 4118

**MYLENE DE JESUS DELA CUESTA AND SHEDDERIC SALVATIERRA ABADEJOS,**
Debtors/Mortgagors.
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF SHERIFF'S SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118 filed by the petitioner/mortgagee, **BDO UNIBANK, INC**., with postal address at BDO Towers Valero, formerly Citibank Tower, 8741 Paseo de Roxas, Makati City 1226, Metro Manila against the debtors/mortgagors **MYLENE DE JESUS DELA CUESTA AND SHEDDERIC SALVATIERRA ABADEJOS** with postal address at (1) Lot 1 Block 1, Brgy. Langkaan, Dasmarinas City (2) Lot 1 Block 1, Tierra Vista, Dasmarinas, Brgy. Langkaan, Cavite and (3) No. 199, Trinidad St., Villa Catalina, San Agustin 3, Dasmarinas, Cavite for the satisfaction of the mortgaged debt which as of June 30, 2022 amounts to **TWO MILLION FOUR HUNDRED EIGHTY THREE THOUSAND THIRTY SEVEN PESOS AND 08/100 (Php2,483,037.08),** exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned sheriff will sell at public auction on **September 6, 2022** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter in the Court Room of Branch 90, Regional Trial Court, Ground Floor, Dasmariñas Community Affairs (DASCA) Building, Congressional Road, Burol II, Dasmariñas City, Province of Cavite to the highest bidder and for CASH or CERTIFIED CHECK, in Philippine Currency, the following described real property together with all the buildings and other improvements existing thereon, to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE No. 057-2015023849**

IT IS HEREBY CERTIFIED *that certain land situated in* BRGY. LANGKAAN, MUN. OF DASMARIÑAS, PROV. OF CAVITE, ISLAND OF LUZON, *bounded and described as follows:*
A PARCEL OF LAND (LOT 1 BLK. 1 OF THE SUBD. PLAN, PSD-04-208639, BEING A PORTION OF LOT 5951 IMUS ESTATE, (REL-2433), LRC REC. NO. 8843), SITUATED IN THE BRGY. LANGKAAN, MUN. OF DASMARIÑAS, PROV. OF CAVITE, ISLAND OF LUZON. BOUNDED ON THE SW., ALONG LINE 1-2 BY LOT 2 BLK 1; ON *(Continued on next page)*
*is registered in accordance with the provision of the Property Registration Decree in the name of*
***Owner:*** **MYLENE D.J. DELA CUESTA, OF LEGAL AGE, FILIPINO**
***Address:*** B 1, L 1, TIERRA VISTA DASMARINAS, BRGY. LANGKAAN, DASMARINAS, CAVITE
**TCT No. :** 057-2015023849
**Page No.:** 2

**TECHNICAL DESCRIPTION** *(Continued from page 1)*
THE NW., ALONG LINEs 2-3-4 BY EXCLUDED LOT 1; ON THE NE., ALONG LINE 4-5 BY LOT 13 BLK 1 (PARK); AND ON THE SE., ALONG LINE 5-1 BY RD. LOT 1 (12.00 M. WIDE); ALL OF THE SUBD. PLAN. BEGINNING AT A PT. MARKED "1" ON PLAN, BEING N., 51 DEG. 48'E., 648.04 M. FROM MON. NO. 11, IMUS ESTATE; THENCE N., 31 DEG. 36'W., 11.53 M. TO PT. 2; THENCE N., 63 DEG. 05'E., 7.16 M. TO PT. 3; THENCE N., 64 DEG. 18'E., 4.89 M. TO PT. 4; THENCE S. 31 DEG. 36'E., 10.45 M. TO PT. 5; THENCE S., 58 DEG. 24'W., 12.00 M. TO THE PT. OF BEGINNING, CONTAINING AN AREA OF **ONE HUNDRED THIRTY TWO (132) SQ. METERS,** MORE OR LESS.

Prospective buyers and/or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said real property and the encumbrance thereon, if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the publication auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **September 20, 2022**, at the same time and place without further notice.

Dasmariñas City, Province of Cavite, July 27, 2022.

**ARLYN P. BARCELON**
Sheriff IV

**ATTY. MARCELA L. BAYBAY**
Clerk of Court VI & Ex-Officio Sheriff

Copy Furnished:
**BDO UNIBANK, INC.,**
BDO Towers Valero, formerly Citibank Tower,
8741 Paseo de Roxas, Makati City 1226
Metro Manila

**MYLENE DE JESUS DELA CUESTA AND SHEDDERIC SALVATIERRA ABADEJOS**
(1) Lot 1 Block 1, Brgy. Langkaan, Dasmarinas City
(2) Lot 1 Block 1, Tierra Vista, Dasmarinas, Brgy. Langkaan, Cavite and
(3) No. 199, Trinidad St., Villa Catalina, San Agustin 3, Dasmarinas, Cavite

Notice posted at:
1. The Bulletin Board of Regional Trial Court, Dasmariñas City, Cavite
2. The Bulletin Board of Dasmariñas City Hall
3. The Bulletin Board of Dasmariñas City Post Office
4. The Bulletin Board of Dasmariñas City Public Market

**Publication: HANEP** August 1, 8 & 15, 2022




## OPEN INVITATIONAL RACE FOR IMPORTED & LOCAL HORSES

Umariba ang imported na kabayo na si (3a)In The Zone sa katatapos na 2022 Philracom "Open Invitational Race For Imported & Local Horses" na ginanap sa karerahan ng Metro Manila Turf Club Inc. sa Malvar-Tanauan, Batangas. Maraming pinahanga ang apprentice rider na si Mark Anthony Lanot sa ginawang pagdadala kay (3a)In The Zone matapos makitaan ng galing at kumpiyansa sa laban, at pinatunayan din ang kanyang bansag na "small but terrible". Sa largahan ay nakauna sa paglundag si My Prancealot na nirendahan ni Noel Lunar, ngunit agad na umarangkada si (3)In The Zone upang mahawakan ang bandera, kasabay sa gawing labas si A.P. Factor na pinatungan ni Jesse Guce, pang apat si Joyous Solution na ginabayan ni Mark Alvarez, pang lima si Dragon Butterfly na pinatnubayan ni Claro Pare Jr.,kasabay sa tabing balya si (3)Tony's Love na hinawakan ni Pablito Cabalejo, pang pito si Isla Puting Bato na sinakyan ni John Alvin Guce, habang si Sudden Impact na lulan ni Ramon Raquel Jr. ang bugaw sa unang yugto ng laban. Pagsapit sa medya milya ay nasa unahan pa rin ang paborito na si (3a)In The Zone kasabay pa rin ang pinakadehado na si A.P. Factor na siyang nambubulabog sa harapan, nakaalalay sa ikatlong puwesto ang kacouple runner ni (3a)In The Zone na si (3)Tony's Love, kasabay sa gawing labas ang segundo liyamado na si My Prancealot, pang lima ang quinto liyamado na si Dragon Butterfly, pang anim ang segundo dehado na si Joyous Solution, kasunod ang kuarto liyamado na si Sudden Impact, habang ang tersero liyamado na si Isla Puting Bato ang nalipat sa likuran. Pagdating sa far turn ay nasa harapan pa rin ang bida na si (3a)In The Zone habang nagkumpulan sa likuran ang kanyang mga katunggali. Pagpasok sa home stretch ay mas lalo pang umigtad sa unahan ang winning horse na si (3a)In The Zone at tinapos ang laban ng may malayong kalamangan. Pumorkas kay (3a)In The Zone si Sudden Impact, pumasok naman sa trifecta si Joyous Solution at si Dragon Butterfly ang kumumpleto sa quartet. Tinapos ni (3a)In The Zone ang karera sa tiyempong 1:51.4 (14-23'-24-23'-26') para sa distansiyang 1,800 meter. Nahamig ng proud owner na si Paolo D. Mendoza ang premyong P300,000 bilang 1st prize habang napunta P100,000 sa 2nd placer na si Sudden Impact. Nakapag uwi din sina Joyous Solution, Dragon Butterfly, Isla Puting Bato at A.P. Factor ng premyong P50,000, P25,000, P15,000 at P10,000 bilang 3rd, 4th, 5th, 6th placer ayon sa pagkakasunod.

# EDITORYAL

## Kalidad na pagtuturo

**MAYROONG kautusan si Vice President at Education Secretary Sara Duterte para sa pagkuha ng mga karagdagang tauhanna non-teaching personnel na haharap sa paggawa ng mga administrative work.**

**Katugunan ito ng Department of Education sa karaingan ng mga guro na nagsasabing sila ay kinukulang sa pahinga.**

**Humanap ng solusyon ang kagawaran dahil ang pasukan ay nariiriyan.**

**Sa pamamagitan ng mga non-teaching personnel ay mas matututukan ng mga titser ang kanilang pagtuturo.**

**Mahalaga ang edukasyon kaya nararapat lamang ng kalidad na pagtuturo ang natatamo ng mga mag-aaral.**

**ADVERTISING RATES**
COMMERCIAL - - - - -P200/col.cm
LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm

HANEP
*Basahin Mo Ito!*

**ROMEO S. SANTOS**
*Publisher/editor-in-chief*

Ang **'HANEP Basahin Mo Ito!**' ay inilalathala tuwing lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite
**Contact#:** 0977-7844136/09687122927
**Email:** ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

**PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication**

***Member: Publishers Association of the Philippines,Inc.***

# SENGLOT NA BINIRO NG BINATILYO, NANAKSAK

**SUGATAN ang 16-anyos na menor de edad matapos tusukin ng patalim ng lasing na suspek na bumisita sa lamay ng dati nitong kapitbahay makaraang biruin ng una sa Cavite City.**

Unang isinugod sa Bautista Hospital saka inilipat sa Manila Doctor's Hospital ang biktimang si Aldrin, 16, dahil sa mga tama ng saksak sa katawan.

Pinaghahanap naman ng pulisya ang suspek na si Reynaldo Bernal Faustino, 41, walang trabaho, na tumakas matapos ang insidente.

Sa ulat ni Pat Arjel Caragay, ng Cavite City Police, dakong alas-12:30 ng hatinggabi ay dinalaw ng suspek ang lamay ng dati nitong kapitbahay sa Brgy 36-A, Cavite City.

Napansin ng biktima na lasing ang suspek kaya sinabihan siya na bakit siya pumunta sa burol na lasing.

Ikinairita ito ng suspek kaya pinagsasaksak ang biktima sa likod at leeg.

Matapos ang pananaksak ay tumakas ang suspek habang ang biktima ay isinugod sa ospital. ***GENE ADSUARA***

# Wanted ng Masbate, natunton sa Cavite

**NATUNTON** sa Cavite ang No. 3 Most Wanted Person ng Masbate at may patong sa ulo na P150,000 matapos naaresto sa bisa ng warrant of arrest sa Naic, Cavite Linggo ng habi.

Kinilala ang suspek na si Jumar Del Rosario Tugbo, 38, construction worker, ng Saklangan St., Brgy Sabang, Naic.

Sa ulat ni PSSgt Richard Atienza, ng Naic Police Station, dakong alas-6:45 ng gabi nagsagawa ng operasyon ang RID5 RSOU (lead Unit) kasama ang Uson MPS, RID NCRPO, DCADD QCPD, RID PRO4A, PIU CAVITE PPO at Naic MPS sa bisa ng warrant of arrest na inisyu ni Hon. Arturo Clemente B. Revil, Presiding Judge ng RTC Branch 44, Masbate City, 5th Judicial Region na nagresulta sa kanyang pagkakaaresto sa loob ng kanilang bahay.

Si Tugbo ang No 3 Most Wanted Person, Regional Level sa Masbate at may patong sa ulo na halagang P150,000 dahil sa kasong murder at iba pang krimen laban sa International Humanitarian Law, Genocide at attempted Murder.

Ang suspek ay nasa kustodiya na ng Police Regional Office 5 para sa disposition. ***GENE ADSUARA***

# 252 bag ng dugo, nakolekta sa isinagawang mobile blood donation

**LUNGSOD NG MALOLOS (PIA)** -- May kabuuang 252 bag ng dugo ang nakolekta sa isinagawang mobile blood donation ng pamahalaang panlalawigan ng Bulacan na ginanap sa Capitol Gymnasium.

Layunin nito na mabenepisyuhan ang mga Bulakenyong nangangailangan ng dugo na nasa mga pampubliko at pribadong ospital.

Ayon kay Gobernador Daniel Fernando, isang kabayanihan ang pagdodonate ng dugo dahil sa pamamagitan nito maraming buhay ang maaaring mailigtas.

Personal na pinasalamatan ng punong lalawigan ang pagmamalasakit at sinabing Diyos na ang bahalang gumanti ng kabutihan ipinagkaloob sa kapwa Bulakenyo.

Nanguna sa nag-alay ng dugo para sa Bulakenyo ang mga kapulisan kasama ng iba pang kawani ng kapitolyo at mga samahang pangsibiko.

Kabilang rito ang grupong Kabalikat, Ulirang Ina, BHW Federation of Bulacan, Triskelion De Bulacan Provincial, 304th Army Reservist, Civil Security Unit, Provincial Civil Security and Jail Management Office, at Pulo ng Ilan Masonic Lodge No. 439.

Ang aktibidad ay naisakatuparan sa pangunguna ng Provincial Health Office at sa pakikipagtulungan ng Central Luzon Center for Health Development-Regional Voluntary Blood Services Program at Damayang Filipino Movement, Inc. ***(CLJD/VFC-PIA 3)***

# Worst case scenarios ng lindol sa Cordillera, inilatag

**BAGUIO CITY (PIA)** -- Inilatag ng Cordillera Regional Disaster Risk Reduction and Management Council (CRDRRMC) ang mga worst case scenarios sakaling may gumalaw sa mga fault na nakapalibot sa rehiyon.

Batay sa Cordillera Regional Disaster Response Plan for Earthquake (CRDRPE) 2019, kapag gumalaw ang fault sa Kalinga ay posibleng tumama ang magnitude 6.7 na lindol. Posibleng maramdaman ang intensity VIII o lubhang mapaminsalang pagyanig sa Kalinga, sa timog na bahagi ng Cagayan at iba pang lugar sa Apayao.

Kapag gumalaw naman ang Bangui Fault ay posibleng yumanig ang magnitude 7.2 na lindol. Maaaring maramdaman ang intensity VIII sa malaking bahagi ng Apayao, Kanlurang Cagayan, at Silangan ng Kalinga.

Sa magnitude 8.0 1619 Cagayan Earthquake scenario, posibleng maramdaman ang intensity VIII sa Cagayan, Apayao, at Kalinga.

Sa magnitude 7.1 earthquake scenario sa Mountain Province, maaaring tumama ang intensity VIII sa Mountain Province, Ifugao, Benguet at Nueva Vizcaya.

Samantala, kapag gumalaw ang Tubao Fault, posibleng tumama ang magnitude 7.2 na lindol. Maaaring maramdaman ang intensity VIII sa La Union, Kanluran ng Benguet, at Silangan ng Pangasinan.

Ayon kay DOST - PhiVolcs Associate Scientist Dr. Arturo Daag, hindi imposibleng maramdaman ang intensity VIII na lindol kapag ang lugar ay malapit sa gumalaw na fault.

"Kung gaano kahaba ang fault, mas malaki ang magnitude potential niya," paliwanag ng opisyal.

Gayunman, nilinaw ng CRDRRMC na ang CRDRPE 2019 ay galing sa simulation ng Rapid Earthquake Damage Assessment ng PhiVolcs.

"Patuloy ang ating reminders sa publiko na huwag po silang mag-panic sa mga lumalabas na report po na ito dahil unang-una, hindi po natin alam kung saan at kailan puwedeng tumama ang mga lindol na puwedeng makaapekto sa atin kaya dapat 'yung ating paghahanda ay araw-araw at tuloy-tuloy," paalala ni Office of Civil Defense - Cordillera (OCD-CAR) Planning Officer Ferdinand Tamulto.

Iginiit naman ni OCD-CAR Director at CRDRRMC chairperson Albert Mogol na kinakailangan ang madalas na pagsiyasat sa mga istruktura upang masiguro ang istabilidad ng mga ito sakaling magkaroon ng malalakas na lindol. Aniya, kinakailangan din ang seryosong pagpapatupad sa building code.

"Dapat ang mga local government units should be able to make early assessment of structures. Yearly assessment, it is a must particularly dito sa atin sa Baguio taking into consideration 'yung experience natin during the earthquake of July 1990," saad ni Mogol.

Ang CRDRPE 2019 ay naglalaman din ng mga strategic actions sa pagresponde sa mga earthquake-related incidents. Layunin nito na masiguro ang agaran, epektibo, at coordinated response ng RDRRMC sa pagpaparating ng tulong sa mga lugar na maaapektuhan ng pagyanig sa rehiyon.

Ayon kay Mogol, ang naturang plano ang nagsilbi ring gabay nila sa response operations na ipinatupad sa rehiyon kasunod ng pagtama ng magnitude 7 earthquake sa Northwestern Luzon nitong Hulyo 27, 2022.

Nabigyan ng kopya ng plano ang mga regional line agencies, at local DRRMCs mula sa lalawigan hanggang sa mga bayan ng Cordillera upang magabayan ang mga ito sakaling tumama ang malakas na lindol. ***(JDP/DEG-PIA CAR)***

# 2 kelot, nagpatiwakal

**NAGPADALA** pa ng mensahe ng pagmamahal sa kanyang ina na nasa ibang ang 39-anyos na virtual assistant habang dahil naman sa dinaranas na depresyon ang 19-anyos na construction worker na kapwa nagpakamatay sa pamamagitan ng pagbigti sa magkahiwalay na lugar sa Cavite Lunes ng umaga.

Si Marve O Vista, may-asawa, ng Blk. 5 Lot 137 Brgy. Sahud Ulan, Tanza, ay natagpuan ng kanyang misis na nakabitin ang leeg gamit ang nylon rope sa garahe ng kanilang bahay dakong alas-6:00 ng umaga.

Pero bago ang pagpapakamatay ni Vista ay nag-chat pa sa messenger sa kanyang ina na nasa USA at sinabing "Love U ma Take Care Always" dakong alas-2:00 madaling araw.

Ayon kay PSSgt Francis Mark Cortez, imbestigador, nagkaroon umano ng isyu sa babaing pamangkin ng kanyang misis na tinuruan na magmaneho na pinaniniwalaang nag-udyok upang magpakamatay ang lalaki.

Samantala, dala ng depresyon kaya nagpakamatay sa pamamagitan ng pagbigti gamit ang nylon rope si Reymart Antiola, 19, construction worker na natagpuan sa bakanteng garahe sa Sitio Bagong Tubig, Brgy. Galicia 1, Mendez, dakong alas-6:00 ng umaga.

Tumanggi ang mga kaanak ng biktima na isailalim sa awtopsiya ang mga bangkay nito dahil naniniwalang walang naganap na foul play sa pagkamatay ng mga ito. ***GENE ADSUARA***

# Rider, tigbak; 3 angkas sugatan

**NASAWI** ang rider habang sugatan ang tatlong angkas nito matapos bumangga sa center barrier ang motorsiklo sa General Mariano Alvarez (GMA), Cavite Lunes ng gabi.

Pawang isinugod sa CARSIGMA Hospital sina Jhun-jhun Osillos, 27, construction worker; at mga angkas nitong sina Kathlyn M. Pineda, 23; alias Kenneth; at alias Audrey, pawang residente ng Brgy. Dacon Blk 7 Lot 5 Brgy. GMA, Cavite subalit subalit dead on arrival si Osillos.

Sa ulat ni PSMSgt Roy Poblete, ng GMA Police, minamaneho ni Osillos ang kanyang Suzuki Shogun at angkas ang tatlo sa Congressional Road, Brgy Pulido.

Nawalan ng kontrol sa manibela kaya bumangga sa center island dakong alas-6:30 ng gabi.

Dahil sa pangyayari, pawang tumilapon sa ang mga biktima dahilan upang isugod sa ospital subalit namatay ang driver ng motorsiklo. ***GENE ADSUARA***

# Nanay angkas sa motor, patay

**PATAY** ang 67-anyos na ina na nakaangkas sa motorsiklo ng kanyang anak makaraang rumampa sa concrete center island ang kanilang sinasakyan sa Dasmarinas City, Cavite Lunes ng hapon.

Parehong dinala sa Pagamutan ng Dasmarinas ang mag-inang sina Gloria Benasa at Jerome Benasa, 37, kapwa residente ng Pactus Compound Brgy Salawag, Dasmarinas City subalit habang ginagamot ang una.

Sa ulat ni PSSgt Jesus Bae, ng Dasmariñas City Police, ala-1:30 ng hapon naganap ang insidente.

Minamaneho ni Jerome ang kanyang motorsiklong Honda TMX at angkas ang ina sa Aguinaldo Highway, Brgy Sampaloc 2, Dasmarinas City, galing Batangas patungo sa direksiyon ng Pala-pala.

Rumampa ang motorsiklo sa concrete center island ng kalsada.

Kapwa isinugod sa ospital ang dalawa subalit namatay habang ginagamot ang matanda. ***GENE ADSUARA***

**Republic of the Philippines**
**Fourth Judicial Region**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**Branch 130, Trece Martires City**
**rtc1tmt130@judiciary.gov.ph**
**09198753023**

**EMELYN S. PIAYO-AN,**
Petitioner
-versus-
**Civil Case No. TMSCA- 011-21**
**For: RECOGNITION OF FOREIGN DIVORSE (UNDER RULE 63 OF THE RULES OF COURT) (IN RELATION TO ARTICLE 26 OF THE FAMILY CODE)**

**HYO KWAN AN, LOCAL CIVIL REGISTRY DAVAO ORIENTAL AND CIVIL REGISTRAR GENERAL, PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY (PSA)**
Respondents
x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - x

**NOTICE OF HEARING**

Filed before this Court is a verified Petition for the Recognition of Foreign Divorce (under Rule 63 of the Rules of Court in relation to Article 26 of the Family Code) issued by Judge Kwon Mi Yeon in favor of **AN HYO KWAN and PIAYO EMELYN SEDA.**

Finding the aforementioned petition to be sufficient in form and substance, the same is hereby set for initial hearing on **August 31, 2022 and September 28, 2022 both at 1:30 o'clock in the afternoon,** where any and/or all parties interested may oppose the petition.

Let a copy of this Notice of Hearing be published for three (3) consecutive weeks, at the expense of the petitioner, in a newspaper of general circulation and other copies be furnished to the Office of the Civil Registrar of Lupon, Davao Oriental, Office of the Solicitor General, petitioner and her counsel.

The petitioner is directed to submit a copy of the petition with its annexes to Office of the Civil Registrar of Lupon, Davao Oriental, and to the Office of the Solicitor General.

Send a copy of this Notice to the Office of the Clerk of Court (OCC) for raffle of the publication

SO ORDERED.
Trece Martires City, Cavite, July 18, 2022

**GAYSOL C. LUNA**
Presiding Judge

GCL/spv
07182022

Copy Furnished:
**ATTY. CLAIRE ANNE GARGARITA-FACTAO**
Counsel for Petitioner
Unit F Lennox Commercial Center, Ilem Homes,
Brgy. Tagapo, City of Sta. Rosa, Laguna

**EMELYN S. PIAYO-AN**
Block 7 Lot 37 Phase 4, Landmass Park
Brgy. Biga, Tanza, Cavite

**HYO KWAN AN**
Panorama Bldg 1 Lot 9 and CNB St.,
LIIP-SEZ Brgy. Mamplasan
City of Biňan, Laguna

**OFFICE OF THE SOLICITOR GENERAL**
134 Amorsolo St., Legaspi Village
Makati City

**CIVIL REGISTRAR GENERAL**
**PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY**
2nd floor TAM Building, PSA Complex
East Avenue, Diliman, Quezon City

**LOCAL CIVIL REGISTRY OF DAVAO ORIENTAL**
Lupon, Davao Oriental

**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
Trece Martires City, Cavite

**Publication: HANEP** August 8, 15 & 22, 2022

# DOH-4A nanawagan sa publiko at mga guro na ipatupad ang "4S strategy"

**LUNGSOD NG LUCENA, Quezon- Hinimok at nanawagan si Deparment of Health Region-4A Director Ariel Valencia sa publiko at mga guro na ipatupad ang "4S strategy" sa mga paaralan at mga bahay sa mga lalawigan sa CALABARZON upang matiyak na mapuksa ang pagkalat ng sakit ng dengue ngayon panahon ng tag-ulan.**

Ayon sa Department of Health, ang 4S strategy ay Search and Destroy', 'Self Protection Measure', 'Seek early consultation' at 'Support fogging'.

Ang panawagan ni Director Valencia ay ginawa sa Kanlurang Mayo Elementary School sa lungsod na ito noong Agosto 1 kaalinsabay sa paglulunsad ng programang "Balik Eskwela, Balik Sigla Para sa Henerasyong Healthy" ng Department of Health- CALABARZON ng Department of Education.

Ayon kay Director Valencia, dapat masiguro ang kaligtasan ng mga bata laban sa dengue at COVID-19 sa muling pagbubukas ng face to face class ngayong taon.

"Nararapat po nating ituro sa mga bata ang pagiging malinis sa katawan gayundin ang paglilinis ng kapaligiran at maging ang pagsunod sa 'healthy lifestyle," sabi pa ni Valecia

Kaugnay nito, pormal na tinanggap ng mga opisyal at guro ng Kanlurang Mayao Elementary School ang "Balik Sigla, Balik Eskwela Health School Clinic Kit" mula sa DOH-4A na binubuo ng first aid kit, weighing scale, blood pressure apparatus, thermo scanner, nebulizer at pulse oximeter.

Dumalo din sa paglulunsad ng programa si Lucena City Mayor Mark Don Victor Alcala, Vice Mayor Roderick Alcala at mga opisyal ng DepEd CALABARZON sa pangunguna ni Regional Director Francis Cesar B. Bringas gayundin si Philippine Pediatric Society – Southern Tagalog Chapter President Dr. Lizette Gutierrez Pontanilla at Lucena City Health Officer Dr. Jocelyn Chua. ***(RMO/PIA Quezon)***

# Tingga-Pinamucan bypass road, bukas na

**LUNGSOD NG BATANGAS (PIA)--**Pormal nang binuksan sa publiko ang Tingga-Pinamucan Bypass road sa soft opening na isinagawa noong ika-22 ng Hulyo.

Ayon kay 5th District Rep. Marvey Mariño, mas makasaysayan ang pagdiriwang ng Foundation Day ng lungsod ngayong taon dahil sa pagbubukas ng naturang access road.

Aniya malaki ang maitutulong nito upang maibsan ang mabigat na daloy trapiko sa nasabing mga lugar at magbibigay din ng higit na kaunlaran sa lungsod.

Ang naturang proyekto ay magkakatuwang na itinaguyod ng pamahalaang lungsod ng Batangas, tanggapan ng 5th District Representative at Department of Public Works and Highways.

Kaugnay nito, nagpaabot ng pasasalamat si Marino kay Mayor Beverley Rose Dimacuha sa paglalaan ng pondo para sa acquisition ng right of way habang nagmula naman sa pondo ng DPWH ang konstruksyon ng bypass road.

"Ginagawa ko ang lahat ng aking makakaya upang makahanap ng pondo para sa tuloy tuloy na konstruksyon ng bypass road. Kung magkakaroon ng sapat na budget, plano po na ituloy ito hanggang barangay Simlong o Ilijan," sabi ni Cong. Mariño.

Samantala, pinaalalahanan ni Mayor Dimacuha ang mga drivers, cyclists at iba pang dumadaan dito na maging maingat dahil wala pang mga traffic lights and warning signs sa kahabaan nito.

Binigyang-diin din niya ang pagkakaroon ng disiplina sa kalsada upang maiwasan ang aksidente at mapangalagaan ang nabanggit na access road.

Nilibot nina Cong. Mariño at Mayor Dimacuha ang bypass road sakay ng kanilang bisikelta kasama ang ilang city councilors gayundin ang ilang bicycle enthusiasts sa lungsod ng Batangas. ***(MDC/PIA Batangas may ulat mula sa PIO Batangas City)***

# Seminar ukol sa breastfeeding at responsible parenthood, isinagawa

Upon Extra-Judicial petition for sale Under Act No. 3115, as amended by Act 4118 filed by the mortgagee, **CHINA BANK SAVINGS, INC**., with postal address at CBS Building, No. 314 Sen. Gil J. Puyat Avenue, Makati City, against the debtors/ mortgagors, **SPS. APRIL C. BALDERAMA AND LLOYD T. BALDERAMA,** with postal address/es at 1.) Lot 23 Block 9 Alta Tierra Homes, Brgy. Olaes, GMA Cavite; 2.) Block 39 Lot 2 Alta Tierra Homes, Brgy. Olaes, GMA, Cavite; 3.) Lot 39 Block 9 Alta Tierra Homes, Brgy. Olaes, GMA, Cavite; and 4.) 43A 21st West Rembo, Makati City, and for the satisfaction of the mortgaged debt which as of 30 June 2022 amounts to **NINE HUNDRED SIXTY-TWO THOUSAND TWO HUNDRED NINETY ONE PESOS & 51/100 (PHP962,291.51)**, exclusive of all legal fees and expenses incidental to this foreclosure and sale, the undersigned or his duly authorized representative will SELL at public auction on **September 8, 2022** at 1:00 o'clock in the afternoon at the Court Room of Branch 109, Regional Trial Court, Hall of Justice Building, Carmona, Cavite to the highest bidder for CASH or MANAGER'S CHECK, in Philippine currency, the mortgaged property/ies with all the improvements thereon to wit:

**TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE NO. 057-2016061428**

IT IS HEREBY CERTIFIED that certain land in BRGY. OF KABILANG-BAYBAY (NOW OLAES), MUN. OF CARMONA (NOW GEN. MARIANO ALVAREZ), PROV. OF CAVITE, ISLAND OF LUZON, bounded and described as follows:

"A PARCEL OF LAND (LOT 32, BLK. 9 OF THE SUBD. PLAN, PCS-04-185184, BEING A PORTION OF LOT 2-A, (LRC) PSD-37995, L.R.C. REC.NO. 2166 & 55349), SITUATED IN BRGY. OF KABILANG-BAYBAY (NOW OLAES), MUN. OF CARMONA (NOW GEN. MARIANO ALVAREZ), PROV. OF CAVITE, ISLAND OF LUZON. BOUNDED ON THE SE., ALONG LINE 1-2 BY LOT 34; ON THE SW., ALONG LINE 2-3 BY LOT 31; ON THE NW., ALONG LINE 3-4 BY LOT 30, ALL OF BLK. 9, AND ON THE NE., ALONG LINE 4-1 BY ROAD LOT 7 (8.00 M. WIDE), ALL OF THE SUBD. PLAN BEGINNING AT A PT. MARKED"1" ON PLAN, BEING N. 77-18'W., 1981.21 M. FROM BLLM NO. 14, CARMONA CADASTRE; THENCE S. 07-25'W., 11.00 M. TO PT. 2; THENCE N. 82-27'W., 7.99 M. TO PT. 3; THENCE N. 05-54'E., 11.00 M. TO PT. 4; THENCE S. 82-27'E., 8.28 M. TO THE PT.. OF BEGINNING, CONTAINING AN AREA OF NINETY (90) SQ. METERS. ALL PTS. REFERRED TO ARE INDICATED ON THE PLAN AND ARE MARKED ON THE GROUND BY PS CYL. CONC. MONS. 15X40 CM., BEARINGS TRUE; DATE OF ORIG. SURVEY, AUG. 16, 1940- JULY 31, 1941 AND THAT OF THE SUBD SURVEY; FEB. 12- MARCH 11, 2006 AND WAS APPROVED ON AUG. 14, 2006."

xxxNOTHING FOLLOWSxxx

Prospective buyers and/ or bidders are hereby enjoined to investigate for themselves the title of the said property and the encumbrance thereon, if there be any.

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event of the public auction should not take place on the said date and time, it shall be held on **September 15, 2022,** at the same time and place without further notice.

Carmona, Cavite, July 25, 2022.

**BON GERARD D. ASCAÑO**
Clerk of Court VI
& Ex-Officio Sheriff

Prepared by:
**JOSEPH R. DIOKNO**
Sheriff In-Charge

Copy Furnished:
**CHINA BANK SAVINGS, INC.**
CBS Building, No. 314 Sen Gil J. Puyat Avenue
Makati City

**JONAS CESAR C. MANGROBANG III**
BUENAVENTURA DANTING PAGTAKHAN CONSTANTINO MANGROBANG & ASSOCIATES
26th Floor Salcedo Towers
169 H. V. Dela Costa St.
Salcedo Village, Makati City

**SPS. APRIL C. BALDERAMA AND LLOYD T. BALDERAMA**
1.) Lot 23 Block 9 Alta Tierra Homes
Brgy. Olaes, GMA Cavite
2.) Block 39 Lot 2 Alta Tierra Homes
Brgy. Olaes, GMA, Cavite
3.) Lot 39 Block 9 Alta Tierra Homes
Brgy. Olaes, GMA, Cavite
4.) 43A 21st West Rembo, Makati City

**Publication: HANEP** August 1, 8 & 15, 2022

---

# Malinis na tubig, hatid ng MMDA sa Abra

**LUNGSOD QUEZON, (PIA) --** Nagpaabot ng tulong ang Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) sa mga naapektuhan ng lindol sa lalawigan ng Abra sa pamamagitan ng paghatid ng malinis na inuming tubig.

Gamit ang dalang portable water purification system, malinis na inuming tubig ang naihandog ng mga kawani ng MMDA sa mga residente ng lalawigan.

Ayon sa MMDA, sa pamamagitan ng kanilang solar-powered portable water purifiers, ay kayang maglabas ng 180 litro ng tubig kada oras.

Samantala, nauna nang nagpadala ang ahensya ng ilang mga kawani upang magbigay ng agarang-tulong sa mga naapektuhan ng lindol. ***(MMDA/PIA-NCR)***

# DENR CALABARZON, LGU DOLORES, QUEZON PARTNER FOR THE IMPLEMENTATION OF RAPID LAND TENURE APPRAISAL

**Calamba City, Laguna - The Department of Environment and Natural Resources CALABARZON Region entered into a Memorandum of Partnership Agreement (MOPA) with the Local Government Unit of Dolores, Quezon for the implementation of the Rapid Land Tenurial Appraisal (RLTA) in the said municipality on July 22, 2022.**

RLTA is a process to obtain a clear picture of the land tenure situation on the ground before land titling operations are entered into the area, as defined by the Land Management Bureau (LMB) Technical Bulletin No. 1 series of 2018.

Engr. Olivia G. Bejo, Chief of Licenses, Patents and Deeds Division of DENR CALABARZON shared that based on an assessment conducted in 2018, approximately 2 million parcels of Alienable and Disposable (A&D) lands in the country were mostly untitled.

"Gumawa ng paraan ang ating pamahalaan sa pamamagitan ng LMB kung paano mailalapit ang programa na pagpapatitulo ng lupa sa publiko. Noong 2011 nagkaroon ng Department Administrative Order upang makapag-tie up sa mga LGUs" Engr. Bejo said.

Moreover, DENR CALABARZON Nilo B. Tamoria stated that "kasabay ng pagpapalit ng administrasyon, kahapon (July 21, 2022) lamang po ay nag-assume na sa pwesto ang bagong kalihim ng DENR na si Sec. Ma. Antonia 'Toni' Yulo-Loyzaga. Isa sa mga nilahad niyang mga prayoridad sa amin ay ang papel ng DENR sa 'accounting of our natural resources."

"Ang RLTA ay bahagi ng accounting of natural resources dahil sinusukat natin kung ilan pa ang maaari pang matituluhan" RED Tamoria added.

Aside from the benefits of the RLTA, Tamoria emphasized that through the partnership, the LGU will be capacitated in terms of land governance, and effectively manage the land resources within their area of jurisdiction.

"Isang magandang pagkakataon itong activity na ito, na pasimulan ang pagtutulungan ng bayan ng Dolores at ng DENR. Isa po itong malaking kabawasan sa sakit ng ulo ng mayor. Mayroong mga lumalapit sa akin na may mga problema na walang titulo ang kanilang lupa at marami po ang naghahabol" said Mayor Orlan A. Calayag of Dolores, Quezon.

Mayor Calayag highlighted the importance of the RLTA program that resolves conflicts over land claims.

The Provincial ENR Officer Ronilo L. Salac of Quezon, Community ENR Officer Cyril Coliflores of Tayabas, and selected staff from CENRO Tayabas, Municipal Planning Development Officer Norida Villaruel, and Municipal Assessor Guian Carlo Bundalian were also present during the ceremonial signing of the MOPA.

# Plaza stays as PEZA Director General per MC No.3 of Malacañang

Pasay City-With the Malacañang extending the authority of government officials from 31 July to 31 December 2022 or until a replacement has been designated. Brigadier General Charito Ching B. Plaza returns to the Philippine Economic Zone Authority (PEZA) as the Director General (DG).

This comes after Executive Secretary Victor Rodriguez, under the authority of President Ferdinand Bongbong Marcos Jr., issued a supplement to Memorandum Circular (MC) No. 1. s. 2022, numbered MC No. 3 last 28 July 2022

By extending the term of office of government officials and employees covered by MC no. 1, MC No.3 emphasizes the continued and effective delivery of government services. MC no. 3 also ensures that no new contract, project, or disbursement of extraordinary funds is made by government agencies, bureaus, and offices until an official appointment is declared by President Marcos Jr.

Under the latest MC, "All OICS of departments, agencies, bureau and office, non-career executive service (CES) officials occupying CES positions and contractual or casual employees covered herein shall continue to perform their duties and discharge their functions until 31 December 2022 or until a replacement has been appointed or designated, whichever comes first."

Further, MC no. 3 states that "all officials and employees covered by this Memorandum Circular are mandated to lawfully perform their duties and functions, and submit bi-monthly performance reports to their respective heads of the department, agency, bureau, office, or instrumentality, otherwise, they will be held accountable."

Plaza as PEZA head

Elated to be back, Ching Plaza said, "Under the MC Nos. 1 and 3 declaring certain positions vacant and provided for the rules to address the vacancies, does not apply to government owned or controlled operations (GOCCS), government instrumentalities with corporate powers, government corporate entities, and government financial institutions."

Plaza also added, "PEZA is a government instrumentality with corporate powers and since MC No. 1 does not apply to PEZA, the positions of the Director General is not declared vacant. The sitting DG will stay on a hold-over capacity until 31 December 2022 or until a replacement has been appointed whichever comes first."

With her stay as the PEZA Chief, Plaza highlighted that she will "continue the Agency's projects and initiatives that started during her term under former President Rodrigo Duterte's administration."

Among these programs Plaza has established are the PEZA Transformation Road Map (TRM), the Global Biz with PEZA, the creation of new types of economic zones, The Development Outreach for Labor, Livelihood, and Advancement of Resources (DOLLAR) Program, and the Ka-PIPPS Program.

Further, under her leadership, PEZA was able to generate a total of P807.8 Billion of investments from 2,462 projects and USD$ 300.6 Billion of exports. A total of 105 economic zones have also been proclaimed.

Recently, this April 2022 during her term, the Capital Finance International (CFI.co) awarded PEZA the Best Economic Zone Promotion in Southeast Asia 2022. According to CFI.co. PEZA acts as a catalyst for sustainable development in the Philippines, focusing on manufacturing, tourism, and industrial exporters as land and building developers. It provides a complete service to investors, assisting with business registration, tax incentives, and operational support."

To date, there has been no official designation of an OIC of PEZA by the Department of Trade and Industry Secretary nor any designation from a higher officer.

PEZA Chief Plaza lamented, "I have never officially ordered any turnover of my post and has never vacated my position as the Director General. I will continue performing the duties and functions of my office until my replacement has been appointed pursuant to the PEZA Charter."

# Robin: Action, Not Drama Needed in Time of Crisis

Sen. Robinhood "Robin" C. Padilla proved this when he personally visited some of the areas affected by last week's magnitude-7 quake including Lagangilang and Bangued in Abra; and Vigan in Ilocos Sur last Sunday. Padilla, along with Sen. Bong Go, distributed relief goods and tents as well as food, vitamins, face masks, clothing, and even bicycles, rubber shoes, basketballs and volleyballs.

"Higit sa paghahanda, kailangan natin ng konkretong solusyon para sa epektibong pangangasiwa sa dagok ng kalamidad sa ating bansa (Aside from preparations, we need concrete solutions to ensure proper response to the calamities that hit our country)," said Padilla.

Padilla stressed as well the need to empower local governments for disaster preparedness, mitigation, and resiliency.

"Kaya naman pursigido din tayo na isulong ang pederalismo sa bansa. Tiyak natin: sa sistemang pederal, ang mga estado ay may kapangyarihan na magtakda ng sarili nilang batas, pondo, at pamamahala upang matugunan ang anumang kalamidad at malimit ang pinsalang dulot nito (This is why we are pursuing federalism. Under a federal system of government, local governments will have their own rules and funds to respond to crises)," he said. This, he added, will complement his bill for a mandatory Reserve Officer Training Corps (ROTC) to prepare our youths in responding to calamities in an organized manner.

# Non-performing consumer loans put more pressure on PH banks

**MANILA** – Non-performing loans (NPLs) that were extended to small companies are putting more pressure on Philippine banks compared to those extended to large companies, a report by the Fitch Ratings said.

In a report that assessed the impact of interest rate hikes in Asia Pacific banks, which was released on Tuesday, Fitch Ratings said net revenue impact of the rate hikes on domestic banks is "mildly favorable" and is "moderate" in terms of asset quality impact.

It said domestic banks posted the biggest increase in NPLs among its counterparts in South East Asia in the last two years "driven by delinquencies in consumer loans."

The report said pulling out of pandemic-related measures to buoy the banking system from the impact of the pandemic also played a role in the rise in NPLs.

"We believe there are lingering impairment risks among consumer and SME borrowers whose finances have yet to recover from 2020's severe shock," it said.

The report added acceleration of inflation rate both here and abroad contributed to the interest rate tightening, which also hurt the peso.

Inflation rate increased to 6.1 percent in June due in part to the highest oil prices in the international market.

Fitch Ratings forecasts inflation to average at a level higher than the government's 2 to 4 percent target band until 2023.

This, it said, is the reason why it forecasts the Bangko Sentral ng Pilipinas' (BSP) key policy rates to end 2023 at 4 percent, from the current 3.25 percent for the overnight reverse repurchase (RRP) rate.

With the domestic banking system backed mainly by rate-insensitive current account and savings account (CASA) deposits, the debt rater said the domestic banking sector has "a strong ability to manage deposit cost."

"Changes in the policy reverse repo (repurchase) rate have not historically been fully passed through to bank lending rates," it said.

To date, the BSP's policy rates have been hiked by a total of 125 basis points.

The report said "the conglomerate-dominated business landscape gives corporations considerable bargaining power, and competition for high-quality assets often means that banks are hesitant to raise rates quickly."

"Therefore, we expect lending spreads to widen only moderately," it added. ***(PNA)***

# 52 'TULAK' SWAK SA CAVITE

**UMABOT sa limampu't dalawang hinihinalang 'tulak' ang inaresto ng Cavite Police sa isinagawang magdamagang buy-bust operation sa lalawigan Huwebes ng madaling araw.**

Sa ulat ng Cavite Police Provincial Police Office (PPO), isinagawa ang buy bust operation sa pagitan ng alas-5:15 ng umaga hanggang alas-3:00 Huwebes ng madaling araw sa anim na lungsod at labing-isang bayan.

Namayagpag ang bayan ng Rosario at Tanza sa may pinakamaraming bilang ng mga naarestong tulak na tig-anim; habang tig-lima ang Trece Martires City, Naic, Silang at Bacoor City habang apat naman sa Cavite City; tatlo sa Imus City; tig-dalawa sa Noveleta, Kawit, Gen Trias City at General Mariano Alvarez (GMA), habang tig-isa ang Amadeo, Carmona, Tagaytay City at Indang o kabuuan na 52.

Sa nasabing operasyon, tinatayang 3 gramo ng shabu na may street value na P20,400 ang nasamsam sa mga naarestong suspek. ***GENE ADSUARA***

# Nissan, 'nang-araro'

**SUGATAN** ang dalawa katao habang napinsala ang kanilang motorsiklo kabilang ang nakaparadang mobile patrol matapos araruhin ng sasakyang Nissan habang iniinspeksyon sa isang checkpoint sa Dasmarinas City, Cavite Miyerkules ng gabi.

Isinugod sa UMC Hospital ang mga biktimang sina Reginald Plaga, nasa hustong edad; at Paulino Sabagay Jr., 28, dahil sa tinamong sugat sa katawan habang nasira naman ang kanilang motorsiklo.

Kabilang ang motorsiklo ng isang Edsel Rex Etol, 27, at ang mobile patrol ng Dasmariñas City Police na may conduction sticker na A1 D082.

Kasong RIR in Multiple Serious Physical Injury and Damage to Property ang kinaharap ng driver na Nissan NV350 na may plakang NFA 889 na si Celso Mendoza, 62.

Sa ulat ni PSSgt Donato Almenario, ng Dasmariñas CPS, dakong alas-11:00 ng gabi ay nagsasagawa ng inspeksiyon ang mga operatiba ng Dasmariñas CPS sa pangunguna ni PCMS Ace Paredes sa isang checkpoint sa Mangubat Ave Brgy Burol Main.

Nakatayo ang mga biktima sa tabi ng kanilang mga motorsiklo at dumaan ang sasakyan na minamaneho ni Mendoza.

Nabangga ang mga motorsiklo at mga nakatayong biktima kabilang ang mobile patrol ng Dasmariñas CPS.

Nasugatan ang dalawa kaya isinugod ang mga ito sa ospital habang ang kanilang motorsikllo at mobile patrol ay nasira. ***GENE ADSUARA***

# Top 1 MWP ng CIDG, timbog

**ARESTADO** sa bisa ng warrant of arrest ng mga operatiba ng Criminal and Investigation Group (CIDG) ang Top 1 Most Wanted Person (MWP) Regional Level ng CIDG na 45-anyos na kitchen staff sa isinagawang Oplan Pagtugis sa General Mariano Alvarez (GMA), Cavite Lunes ng hapon.

Kinila ang naaresto na si Dexter Basilio y Miranda, binata, ng Phase 1 Block 1 Lot 9 Sunshine Home GMA.

Sa ulat, dakong alas-2:45 Lunes ng hapon nagsagawa ng Oplan Pagtugis at SALIKOP ang mga operatiba ng Southern MMDFU NCR CIDG (na siyang lead unit), RDB- SAF at DMFB SPD sa bahay ng suspek na nagresulta sa pagkakaaresto nito sa bisa ng warrant of arrest na insiyu ni Hon. Liza A. Aquiatan, Presiding Judge ng National Capital Judicial Region RTC Branch 205 ng Muntinlupa City dahil sa kasong carnapping.

Ang suspek ay miyembro ng Boy Astig Criminal Group at sangkot sa Gun Running, Robbery hold-up at Carnapping activities na nag-o-operate sa Southern part ng Metro Manila at karatig probinsiya.

Si Basilio ay nasa kustodiya ng CIDG para sa dokumentasyon at disposisyon. ***GENE ADSUARA***

# Mayor Sandoval, DepEd-Malabon binuksan ang Brigada Eskwela sa lungsod

***LUNGSOD NG MALABON --*** Pormal na binuksan sa lungsod ng Malabon ang pagsisimula ng Brigada Eskwela 22 sa magkatambal na pangunguna ni City Mayor Jeannie N. Sandoval at lokal na sangay ng Department of Education (DepEd) nitong Agosto 3, 2022.

Sa pambansang temang "Tugon sa Hamon ng Ligtas na Balik-Aral," sinimulan ang masiglang okasyon sa motorcade mula sa DepEd - Schools Division Office sa barangay ng Longos patungo sa Malabon National High School (MNHS) na nilahukan ng daan-daang kinatawan ng mga paaralan, lokal at pambansang sangay ng pamahalaan, mga magulang at mag-aaral, barangay at komunidad sa siyudad.

Ganap namang ika-8 ng umaga, isinagawa ang programa sa MNHS bilang pasakalye sa muling pagbubukas ng face-to-face o in-person na pag-iiskwela sa Agosto 22, sa kahalintulad na gawi noong bago manalanta ang pandemyang dulot ng sakit na COVID 19.

Matatandaang hakbang ang Brigada upang pagtulungan ng mga kawani at guro ng pampublikong paaralan, magulang, mag-aaral at buong komunidad ang pisikal na paghahanda ng mga pasilidad at kagamitan sa eskwelahan kada pagbubukas ng taong-pampaaralan.

Naantala ang diwa ng bayanihang ito sa loob ng dalawang taon mula 2020, kaya't sa naturang okasyon ay ipinaabot ni Mayor Sandoval ang pagbati sa panimulang tagumpay na bunga ng pagtutulungan ng iba't-ibang sektor sa lungsod, pribado at publiko.

Ipinaabot din ng alkalde ang pasasalamat sa aktibong paglahok ng bawat isa, na pawang nakatuon sa kapakanan ng mga mag-aaral, kung saan ang tagumpay ng mga ito ay magiging tagumpay din ng lungsod ng Malabon at ng komunidad.

Kabilang sa mga pribadong grupong tumulong sa aktibidad ang ALFEE Foundation, Food for the Hungry-Philippines, Kaisahang Buhay Foundation, Inc., Malabon Bayanihan Riders, PBSP, Save the Children, Soroptomist International, World Vision, Philippine Red Cross, at iba pa.

Lumahok naman sa pambansang mga sangay ang Philippine National Police, Bureau of Fire Protection, Bureau of Jail Management and Penology at Armed Forces of the Philippines.

Tampok din sa programa ang pagkilatis sa pitong "floats" sa ginanap na parada na sadyang idinibuho sang-ayon sa tema. Pinangunahan din ni Mayor Sandoval na kilalanin at gantimpalaan ng karampatang halaga ang pagtutulungan ng iba't-ibang grupong gumawa nito.

Gayundin, inilahad ang mga karangalang kinamit ng ilang paaralang publiko ng lungsod na lumahok sa National Capital Region level na patimpalak kaugnay ng pambansang pagbubukas ng Brigada Eskwela noong Agosto 2.

Sa lokal na panawagan na #competence_character@malaboncity, ipinagmalaki ni Malabon Schools Division Superintendent Mauro C. De Gulan ang kahandaan ng lungsod na maging ligtas ang pisikal na pagbubukas ng klase at ipinaabot ang pasasalamat sa lahat ng nag-ambag at aktibong lumahok sa paglarga ng Brigada. Nag-anyaya rin ito sa paglahok ng lahat sa pag-ikot ng aktibidad sa mahigit 40 publikong paaralan sa lungsod.

Nagpaabot din ng suporta, pasasalamat at pagbati sa Brigada Eskwela 22 si Cong. Jaye Lacson-Noel at lumahok din sa okasyon si Coun. Nadja Vicencio, at iba pang opisyal ng lokal na pamahalaan.

Nagtapos ang programa sa seremonyal na Commitment Signing ng bawat kalahok, turn-over ng mga kagamitan para sa Brigada, at aktwal na pagtulong ng mga kalahok sa pagkumpuni, paglilinis at pagpipintura ng kagamitan sa eskwela.

Inilahad naman ng ina ng lungsod, Mayor Sandoval ang tuluy-tuloy na pagsuporta at pag-agapay ng pamahalaang lokal sa DepEd Malabon sa larangan ng edukasyon sa iba't-ibang kaparaanan. ***(LGU Malabon)***

# Huwag gamitin sa pamumulitika ang relief distribution-Sec. Tulfo

**BAGUIO CITY (PIA)** -- Nanawagan si Department of Social Welfare and Development (DSWD) Secretary Erwin Tulfo sa mga lokal na opisyal na huwag nilang gamiting sa pamumulitika ang mga ipinapamahaging tulong mula sa ahensiya.

Kasunod ito ng mga report na natanggap ng opisyal kaugnay sa umano'y pagpili ng ilang opisyal kung sino ang bibigyan nila ng tulong mula sa mga naapektuhan ng malakas na pagyanig.

Iginiit ni Tulfo na ang mga ipinapamahaging tulong ng ahensiya ay mula sa gobyerno kaya hindi dapat mapili kung sino ang mga bibigyan ng tulong.

"Paalala ko po sa ating mga local government leaders, from governors, mayors, barangay officials, relief po 'yan ng gobyerno at hindi po dapat gamitin sa pamumulitika. At 'yang relief po na iyan na ibinibigay ho namin ay wala hong kulay 'yan."

Inatasan pa nito ang mga pinuno ng mga regional at provincial offices ng DSWD ha huwag nilang iiwan ang mga lugar na nakaranas ng sakuna.

"Let us make sure that nade-deliver natin 'yung pangangailangan ng tao. 'Wag ho nating iwan. Regional directors and provincial offices even our municipal link people, 'wag ho nating iwan, importante 'yun para mabantayan din natin na nadi-distribute 'yung mga ibinibigay ho natin," dagdag ng opisyal.

Samantala, nagpasalamat si Tulfo sa lahat ng nagbigay ng donasyon at tulong sa mga naapektuhan ng lindol lalo na sa probinsiya ng Abra.

Pinasalamatan din nito si Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na nagbigay ng generator sets at portable rice mill machines para sa 27 na bayan ng nabanggit na probinsiya. ***(JDP/DEG-PIA CAR)***

# Buwan ng Wikang Pambansa 2022, inilunsad ng KWF

**LUNGSOD QUEZON --** Opisyal na inilunsad ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa ngayong taon na may temang "Filipino at mga Katutubong Wika: Kasangkapan sa Pagtuklas at Paglikha" sa pamamagitan ng Buwan ng Wika 2022 Press Conference nitong Biyernes, 29 Hulyo 2022 sa Philippine Information Agency Auditorium, Diliman, Lungsod Quezon. Dinaluhan ito ng Lupon ng mga Komisyoner mula sa KWF at mga kinatawan mula sa iba't ibang media organization.

Binigyang diin ng Tagapangulo ng KWF na si Arthur P. Casanova ang mandato ng komisyon na manaliksik, paunlarin, itaguyod, at palaganapin ang wikang pambansang Filipino kasabay nang paglinang ng mga katutubong wika sa Pilipinas.

"Mahalagang mabigyang-diin ang papel ng mga katutubong wika sa ating bansa. Mayroon tayong 130 katutubong wika at ang ilan dito ay nanganganib nang maglaho kaya ang preserbasyon ng wika ay napakahalaga, " aniya.

Dagdag pa ng Tagapangulo, "Sa paglinang ng wikang pambansang Filipino ay nauugnay ang inclusivity. Kinakailangang ang pagsasanib ng bokabularyo, talasalitaan at gramatika mula sa iba't ibang katutubong wika upang makabuo ng isang gramatikang Filipino."

Bilang pakikiisa naman ay nagpaabot ng kanyang mensahe ang Direktor Heneral ng Philippine Information Agency na si Undersecretary Ramon Lee Cualoping III.

"Asahan ninyong narito ang aming tanggapan, sampu ng sangayng PIA sa rehiyon at kanayunan, na handang tumulong sapagpapakalat ng impormasyon patungkol sa kahalagahan ng pagbibigay-pugay sa ating mga wika—mga wikang bumubuo saating pagkakakilanlan bilang Pilipino," saad ni Cualoping.

Gayundin, ibinahagi naman ng mga puno ng bawat sangay ng komisyon ang kani-kanilang mga programa at proyekto sa buwan ng Agosto. Ilan dito ay ang pagsasagawa ng Serye ng Webinar, Tertulyang Pangwika 2022 sa iba't ibang Pampublikong Pamantasan at Unibersidad, pagpaparangal sa mga nagwagi sa Timpalak at Gawad 2022, at paglulunsad ng mga publikasyon.

Para sa kumpletong listahan ng aktibidad, maaaring bisitahin ang www.facebook.com/komfilgov/ ***(KSAA-CPSD)***

# SANGGOL, NAKALIGTAS SA MASAKER

***MAPALAD na nakaligtas sa kamatayan ang isang sanggol sa naganap na masaker sa pamilya kamakakailan sa Maguindanao.***

Sa naturang masaker ay kinilala ang mga napatay na sina Adulkadir Matuwa, 53; asawa nito na si Zahera Matuwa, 32; at ang limang taong gulang nilang anak na si Nhala.

Pinasok ng mga hindi nakilalang suspek ang tahanan ng pamilya sa Sitio Pamalian Barangay Manungkaling Mamasapano Maguindanao.

Walang sabi-sabing pinagbabaril ng mga suspek ang mga biktima gamit ang M16 Armalite rifles.

Makaraang matugunan ang pagresponde ng mga pulis at sundalo ay kaagad na tumakas ang mga suspek.

Patay sa pinangyarihan ng insidente ang tatlo dahil sa dami umano ng bala na tinamo mula sa iba't ibang bahagi ng kanilang katawan.

Nakaligtas ang siyam na buwang gulang na sanggol na kasalukuyang natutulog sa duyan ng maganap ang pamamaril. ***MARCK BADION***

# 3, huli sa buy bust

**TATLONG** umano'y tulak ang naaresto sa isinagawang buy bust operation ng pulisya na nagresulta sa pagkakakumpiska ng tinatayang P1.7 milyong halaga ng hinihinalang shabu sa Pampanga.

Kinilala ang tatlong suspek na sina Visitacion Ornido, 47, ng Barangay Pulung Maragul, Angeles City; Nympha Compahinay, 50; at Renato David, 58, kapwa ng Barangay Dau, Mabalacat City.

Isinagawa ang buy bust operation sa Barangay Dau, Mabalacat City kamakailan.

Sa ulat mula kay Col. Alvin Consolacion, Pampanga Police Provincial Office acting director, nakumpiska sa mga suspek ang siyam na plastic sachets na naglalaman ng 250 gramo ng hinihinalang shabu at may Dangerous Drug Board value na nasa P1.7 million.

Kasama rin sa mga nakumpiska ang buy-bust money at iba pang paraphernalia.

Pinangunahan ng mga operatiba ng Regional Police Drug Enforcement Unit at Mabalacat City Police ang nasabing operasyon.

Naharap ang tatlo sa mga kasong paglabag sa Section 5 and Section 11, Article II ng Republic Act 9165 o Comprehensive Dangerous Drugs Act of 2002. ***RUBEN LACSA***

# 'Pusher' naperder sa checkpoint

**NABISTO** ng pulisya ang lalaking tulak ng ipinagbabawal na droga sa isinagawang check point ng Gagalangin-PCP sa Tondo, Maynila.

Himas rehas sa Manila Police District Raxabago Police Station-1 ang suspek na si Rodolfo Canaveral Y Garcia, alyas Manny, 42, helper at residente ng 2417 Jose Abad Santos, Tondo.

Ayon sa isinagawang imbestigasyon ni PSSg James Van Pebenito, dakong 7:30 ng gabi naaresto ang suspek sa Maliclic St., Tondo.

Nabatid na nagsagawa ng Law Endorsement Checkpoint ang mga tauhan ng Gagalangin PCP sa nabangit na lugar na nasita nila ang suspek at pinahinto.

Nang siniyasat ang mga gamit sa katawan ay nakita ang sampung pirasong plastic na naglalalaman ng shabu na nagkakahalaga ng P 17,000 at wala ding lisensiya sa pagmamaneho ang suspek.

Napag-alaman pa na dating nakulong ang suspek sa kaparehong kaso.

Naharap sa kasong paglabag sa RA 9165 Section 11 at RA 4136 driving without license ang suspek sa Manila City Prosecutor office. ***(leonard basilio)***

# HANEP

**Basahin Mo Ito!**

## Buhay, tinapos ng 2 katao dahil sa depresyon

**DAHIL** umano sa dinaranas na depresyon, dalawa katao ang nagpakamatay sa pamamagitan ng pagbigti sa magkahiwalay na lugar sa Cavite Martes ng gabi.

Si Arnold Villanueva, 60, construction worker, ng Ciudad De Strike, Phase 2, Brgy. Molino 1, Bacoor City ay natagpuan na nakabitin gamit ang electric wire ng kanyang anak na si alias Tristan dakong alas-11:30 ng gabi sa loob ng kanilang bahay.

Ayon sa pamilya ng biktima, dumadaan umano sa depresyon ang biktima dahil sa problema sa pamilya at pinansyal.

Dakong alas-12:30 ng tanghali nadiskubre naman ng kaanak ang biktimang si Jhanfer Castillo, 28, walang trabaho, ng Blk 16, Lot 4, Phase 1 Brgy Paliparan 3, Dasmariñas City na nakabitin gamit ang isang kumot.

Nakakaranas din umano ng depresyon ang biktima na hinihinalang dahilan ng kanyang pagpapakamatay.

Ang mga biktima ay isinailalim sa awtopsiya. ***GENE ADSUARA***




**ISANG** Memorandum of Understanding ang nilagdaan sa pagitan ng Rotary District 3810 at Manila Police District kamakailan.

Kaugnay ito ng pagdiriwang ng 27th P.C.R Month 2022 at pinanguhan nina MPD Director BrGen. Leo M. Francisco, Dr. Joyce Michelle Ambray, at Dr. Maria Rosa Carrion ang pagbibigay ng pagkilala sa mga natatanging kawani ng Manila Police. ***CHRISTIAN HERAMIS***



**MAHIGIT** 100 binatilyo ang naging benepisaryo sa isinagawang Medical Mission Operation Tuli katuwang ang Manila Police District, Philippine Red Cross, APOLE-Association of Police Officers via Lateral Entry, sa pangunguna ni Lt.Col Rosalino Jhun Ibay Jr. at mga kasapi nito na isinagawa sa Multi Purpose Hall MPD Headquarters Ermita ,Manila. ***CHRISTIAN HERAMIS***

# KALIBRE



**ROMY SANTOS**
0977-7844136

## Mahirap palang tumanggap ng subpoena na hindi sa iyo; at Tagumpay ng mga dating kasama sa pamamahayag

**PINIRMAHAN** at tinanggap ni JUAN ang isang subpoena mula sa nagdalang sheriff.

Hindi kay JUAN ang naturang subpoena bagkus ito ay para kay PEDRO.

Iniimbitahan ng hukuman si PEDRO subalit hindi naman siya akusado sa krimen o kaso kundi bilang isa lamang sa mga testigo.

Wala si PEDRO at ang nadatnan ng sheriff ay si JUAN na siyang tumanggap at pumirma ng subpoena.

Magkakaroon ng problema si JUAN sa sandaling hindi makakadalo sa pagdinig ng kaso sa korte si PEDRO bilang testigo.

Iyon ay hindi alam ni JUAN dahil sa pag-aakala o pagkakaalam na wala siyang pananagutan sa pagtanggap at pagpirma ng subpoena na nakalaan para kay PEDRO.

Mahirap palang basta tatanggap at pipirma ng subpoena para sa ibang tao.

Katanungan lamang ay maaari bang tumanggi si JUAN na tanggapin at pirmahan ang subpoena na hindi naman para sa kanya?

Legal na usapin kaya mahirap magdunung-dunungan.

Pakisagot na lamang po!

@@@

MAGANDANG mabalitaan o malaman na ang mga dating kasamahan ay mayroon ng maayos na pamumuhay o umangat ang personalidad.

Dating mga kasamahan sa larangan ng pamamahayag na gumanda ang takbo ng buhay habang ang iba ay hunahawak ng maselang posisyon sa gobyerno.

Kahit dati o noon pa hanggang sa ngayon ay may mga dati akong kapatid sa hanapbuhay na ibang mundo na ang ginagalawan.

Ilan ay piniling magnegosyo, mangibang bansa at manungkulan sa pamahalaan.

Hindi ko na iisa-isahin o babanggitin pa ang mga dati kong kasamahan sa mundo ng pamamahayag.

Dating kapwa mamamahayag sa daily newspaper o naging kasama sa beat of assignment.

Nakakatuwa lamang na mabatid na sila ay tagumpay na sa ibang propesyon o hanapbuhay.

Binabati ko kayo!



**NAG-COURTESY CALL** kay Paranaque City Mayor Eric L. Olivarez ang grupo ng Federation of Paranaque Tricycle Operator Drivers Association (FEDPATODA), Presidente: Rodrigo Soriano, Vice Pres. District -1: Geminiano Eduardo, Vice Pres. District 2: Arnold Andres, Secretary: Frank Bolo, Treasurer: Alfredo Hael, Auditor: Rodelio Cruz, P.R.O. :Nely DeBlois, Business Manager: Lucita Fuente,/Chairman of Board: Isaias Corporal, Board Member District -1: Cesar Bayhonan, Juanito Mono Santos, Jopel Nery, Ricky Aquino, Serafin Jun jun Sebastian, Gerry Cabais, Jose Rendel Canasio/ District-2 Eduardo Andres, Jeopre Tablizo, Romeo Batan, Leonides, Porol, Angel Garlan, Petronilo Espenido, at Redel Manaloto. Kasama rin sa larawan si Rodolfo Avila, hepe ng T.R.O. at FEDPATOPA-OMAR BENASING: COORDINATOR. ***(JIMMY HAO)***